Ano ang maaasahan – Peritoneal mesothelioma

Ano ang maaasahan sa bawat yugto ng paggamot at pagkatapos nito

Ang peritoneal mesothelioma ay nakakaapekto sa aporo ng tiyan (peritoniyum), na sanhi ng paglanghap (ingest) ng mga himaymay ng asbestos (asbestos fibers).

Suporta sa mesothelioma

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mesothelioma, tawagan ang Cancer Council sa **13 11 20**. Masasagot ng mga nars na kwalipikado sa kanser sa Cancer Council ang iyong mga tanong tungkol sa mga epekto ng kanser, ipapaliwanag kung ano ang mangyayari sa paggamot at iuugnay ka sa mga suportang grupo at iba pang mga pagkukunan sa komunidad.

Kung kailangan mo ng interpreter, tumawag sa Serbisyo ng Pagsasaling-wika at Pag-iinterprete (TIS - Translating and Interpreting Service) sa 13 14 50.

Para sa suporta at payo para sa mga tagapag-alaga, tawagan ang Carers Association sa 1800 242 636.

1. Unang pagsisiyasat at pagsangguni

Susuriin ng iyong general practitioner (GP) ang iyong mga sintomas. Ang pangunahing mga sintomas ay pamamaga o pananakit ng tiyan, walang ganang kumain, pagbaba ng timbang, at pamamawis sa gabi. Ang iyong GP ay magsasagawa ng pisikal na pagsusuri at maaaring humiling ng iba pang mga pagsusuri.

Dahil ang peritoneal mesothelioma ay resulta ng pagkalanghap (ingestion) ng mga himaymay ng asbestos na kalimitan ay nangyari nang mga ilang taon na ang nakakaraan, mahalagang banggitin ang anumang pagkalantad sa asbestos na maaaring nangyari noong nakaraan upang alertuhan ang iyong doktor sa salik ng panganib (risk factor) na ito.

Maaaring makatulong ang pagsama sa iyo ng miyembro ng pamilya o kaibigan sa iyong mga pakikipagkita (appointment).

Mga pagsusuri na maaaring isagawa sa iyo:

Mga pagsusuri ng dugo

Para suriin ang iyong pangkalahatang kalusugan, kung paano gumagana ang selyula ng iyong dugo, atay at bato.

X-ray (tiyan at dibdib)

Para matukoy ang anumang mga abnormalidad o pag-ipon ng likido sa tiyan at peritoneum, at sa paligid ng baga (tulad ng aporo ng baga (ang pleura) na maaari ring maapektuhan).

Computed tomography (CT) scan

Ang teknolohiya ng kompyuter ay ginagamit upang lumikha ng detalyadong mga imahe ng tiyan at peritoneum, at mga baga at pleura.

Dapat ding talakayin ng iyong GP ang iyong mga pangangailangan (kabilang ang mga pangangailangang pisikal, sikolohikal, panlipunan at pang-impormasyon) at magrekomenda ng mga pagkukunan ng mga maaasahang impormasyon at suporta.

Kung may pinaghihinalaang mesothelioma, ikaw ay isasangguni sa isang espesyalista para sa karagdagang pagsusuri. Ang iyong GP ay magbibigay sa espesyalista ng mga impormasyon tungkol sa iyong medikal na kasaysayan at mga resulta ng naunang pagsusuri

2. Diyagnosis at pagtukoy sa antas (staging)

Kukumpirmahin ng espesyalista kung mayroon kang mesothelioma sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isa o higit pang mga pagsusuri gaya ng sumusunod:

Laparoscopy o biyopsiya na ginabayan ng CT

Isang maliit na sample ng tissue (isang biyopsiya) ang kukunin mula sa tiyan upang suriin sa ilalim ng mikroskopyo. Ang sample ay maaaring kunin sa pamamagitan ng keyhole surgery, na tinatawag na laparoscopy, o sa paggamit ng karayom na ginabayan ng CT scan.

Magnetic resonance imaging (MRI) scan

Ang mga magnetic field at radio wave ay ginagamit upang kumuha ng mga larawan ng loob ng katawan.

Paracentesis

Isang sample ng likido mula sa bahagi ng tiyan ang kinukuha sa pamamagitan ng isang karayom at ipapadala sa isang patologo para sa pagsusuri. Ito ay madalas na isinasagawa gamit ang ultrasound imaging.

Positron emission tomography (PET) scan

Ito ay maglalabas ng tatlong-dimensiyong imaheng may kulay na magpapakita kung saan matatagpuan ang kanser. Kaunting radioactive na materyal ang ituturok at ang buong katawan ay maii-scan.

Makakatulong ang pakikiugnay sa mga suportang grupo ng mga kapwa may-kanser at suportang grupo para sa tagapag-alaga.

3. Paggamot

Upang matiyak na matatanggap mo ang pinakamahusay na pangangalaga, aasikasuhin ng iyong espesyalista na magkaroon ng pangkat ng mga propesyonal sa kalusugan na magpaplano ng iyong paggamot batay sa iyong mga kagustuhan at pangangailangan.

TAng pangkat ay binubuo ng mga propesyonal na may karanasan sa pamamahala at pagsuporta sa isang tao na may mesothelioma. Ang iyong espesyalista ay magsasabi sa iyo kung kailan tatalakayin ng pangkat ang iyong kaso.

Paplanuhin ng iyong pangkat ang patuloy na pangangalaga sa iyo, at dapat talakayin sa iyo ang iba't ibang mga pagpipilian sa paggamot kabilang ang malamang na mga resulta, posibleng mga side effect at ang mga panganib at mga benepisyo.

Baka gusto mong humingi ng karagdagang panahon bago magpasya sa iyong paggamot, o humingi ng pangalawang opinyon. Ang iyong doktor ay maaari ring magmungkahi na pag-isipan mo ang paglahok sa isang klinikal na pagsubok (clinical trial).

Ipaalam sa iyong pangkat ang anumang mga komplimentaryong terapi (complementary therapies) na ginagamit mo o-iniisip na subukan. Ang ilang mga terapi ay maaaring hindi naaangkop, depende sa iyong mga medikal na paggamot.

3. Pagpapatuloy na paggamot

Mga pagpipiliang paggamot:

Ang **Chemotherapy** ang pinaka-karaniwang uri ng paggamot para sa peritoneal mesothelioma. Maaari itong ibigay upang subukang paliitin ang kanser o subukang pabagalin ang paglaki nito.

Operasyon

Kung ikaw ay may advanced mesothelioma, ikaw ay maaaring alukin ng operasyong pagpapaliit (debulking surgery) kung saan tatanggalin hangga't maaari ang karamihan ng kanser. Ang layunin ng operasyon ay pigilan ang pagkalat ng sakit at mapawi ang pagpapabigat nito sa mahahalagang organo.

Ang peritonectomy (o operasyong cytoreductive) ay maaaring isagawa sa ilang mga kaso kung ang kanser ay hindi pa kumalat, kung saan ang layunin ay alisin ang karamihan, kung hindi man lahat, ng mga nakikitang tumor.

Ang operasyon ay maaari ring samahan ng infusion ng heated chemotherapy na kasabay ng operasyon (heated intraoperative intraperitoneal chemotherapy (HIPEC)). Ang paggamot na ito ay isinasagawa lamang ng napakaliit na bilang ng mga siruhano sa Australya.

Paracentesis

Tulad din ng diyagnostikong pamamaraan, ang paracentesis ay maaari ring magpahupa ng pananakit (pain relief) para sa mga pasyente na may ascites (naipong likido sa tiyan). Ang maliit na tubo ay ipinapasok upang mahigop (drain out) ang likido mula sa tiyan patungo sa isang bote.

Pagmamasid at pagmomonitor

Kadalasan ang mga pasyente ay walang mga sintomas sa diyagnosis man o pagkatapos ng unang operasyon. Sa ganitong kaso ay walang karagdagang paggamot na ibibigay at ang iyong espesyalista ay maaaring magpayo na magmasid at maghintay, at gamutin ang mga sintomas kapag lumitaw ang mga ito.

Ang **Palyatibong paggamot** ay gagamitin sa iba't ibang mga yugto upang mapawi ang iba't-ibang mga sintomas at mapabuti ang kalidad ng iyong buhay.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paggamot at paggamot ng mga side effect, tanungin ang iyong doktor o bisitahin ang www.cancer.org.au/about-cancer/types-of-cancer/mesothelioma.htmlmesothelioma.html

4. Pagkatapos ng paggamot

Makaraang makumpleto ang paggamot, ang iyong doktor ay dapat magbigay sa iyo ng isang buod ng paggamot na nagdedetalye sa pangangalaga na natanggap mo kabilang ang:

- mga diyagnostikong pagsusuri na isinagawa at mga resulta nito
- mga uri ng paggamot na ginamit at kung kailan isinagawa ang mga ito
- mga plano ng paggamot mula sa iba pang mga propesyonal sa kalusugan
- mga suportang serbisyong ibinigay sa iyo
- impormasyon ng pakikipag-ugnayan para sa mga pangunahing tagapagbigay (provider) ng pangangalaga.

Karamihan ng mga pasyente ay kailangang makipagkita sa isang espesyalista para sa regular na mga follow-up.

Ikaw at ang iyong GP ay tatanggap ng plano ng follow-up na pangangalaga na nagsasabi sa iyo ng:

- uri ng follow-up na pinakamabuti para sa iyo
- mga paraan sa pamamahala ng anumang mga side effect ng paggamot, sakaling mangyari ang mga ito
- kung paano makakakuha ng espesyalistang tulong sa paggamot nang agaran kung sa tingin mo ay lumubha ang kanser

Kung kailangan mo ng karagdagang tulong pagkatapos ng paggamot, maaaring talakayin sa iyo ng iyong doktor o espesyalista ang iyong mga pangangailangan at isangguni ka sa naaangkop na mga propesyonal sa kalusugan at/o mga organisasyon ng komunidadd.

5. Nabubuhay na may kanser

Mga side effect: Ang ilang mga tao ay makakaranas ng mga side effect (halimbawa, pagkapagod) na magpapatuloy pagkatapos ng paggamot. Minsan ang mga side effect ay magsisimula lamang makaraan ang ilang buwan pagkatapos ng paggamot. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga side effect tanungin ang iyong doktor o **bisitahin ang** cancervic.org.au/about-cancer/survivors/long-term-side-effects

Paunang plano ng pangangalaga (Advance care plan): Maaaring talakayin ng iyong doktor sa iyo ang opsyon na bumuo ng isang paunang plano sa pangangalaga.

Ang paunang plano sa pangangalaga ay isang pormal na paraan ng pagtatakda ng iyong mga kagustuhan para sa hinaharap na medikal na pangangalaga. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paunang plano sa pangangalaga, tanungin ang iyong doktor o **bisitahin ang** www.advancecareplanning.org.au

Palyatibong pangangalaga: Ang ganitong uri ng paggamot ay maaaring magamit sa iba't ibang yugto upang mapahupa ang iyong pananakit, mabawasan ang iyong mga sintomas o mapabuti ang kalidad ng iyong buhay. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa palyatibong pangangalaga, tanungin ang iyong doktor o **bisitahin ang** www.caresearch.com.au

6. Mga tanong tungkol sa gastos

Maaaring may gastos sa bawat yugto ng pangangalaga ng kanser, kabilang ang mga gastos sa paggamot, tirahan at pagbiyahe. Maaaring may babayaran kang malaking halaga kung ikaw ay nagpapagamot sa isang pribadong serbisyo sa kalusugan, kahit pa may pribado kang seguro (insurance) sa kalusugan. Maaari mong talakayin ang mga gastos na ito sa iyong doktor at/o pribadong taga-seguro ng kalusugan para sa bawat uri ng iyong paggamot.

Sa karamihan ng mga kaso, ang mesothelioma ay sanhi ng pagkalantad sa asbestos. Kung matutukoy mo kung paano ka nalantad sa asbestos, kabilang ang mula sa trabaho, maaari kang maging karapat-dapat para sa kompensasyon at suporta. Ang bawat estado ay may iba't ibang sistema para sa kompensasyon.

Maaari mo ring simulan ang isang pribadong claim (paghahabol) laban sa may-pananagutang kumpanya - inirerekomenda na makipag-ugnayan ka sa isang abogadong tagalitis na espesyalista sa asbestos na humaharap sa ganitong mga claim.

Kung dumaranas ka ng pinasyal na kahirapan dahil sa iyong paggamot sa kanser, maaari kang makipag-ugnayan sa isang manggagawang panlipunan (social worker) sa inyong lokal na ospital.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa halaga ng paggamot **bisitahin ang** canceraustralia.gov.au/affected-cancer/living-cancer/dealing-practical-aspects-cancer/costs-treatment

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa tirahan at pagbiyahe, **bisitahin ang** www.cancercouncil.com.au/get-support/practical-support-services

Inilathala noong Nobyembre 2016
Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang
www.cancerpathways.org.au

Australian Government
Cancer Australia
VICTORIA State Government
Cancer Council

Tagalog